
# Mga Tagasaling Bata

## Tama ba o mali na ang mga anak natin ang magsalin para sa atin?



May mas malaking kakayanan sa wika ang mga bata, salamat sa kanilang mga mura at patuloy pang umuunlad na utak. Naglilinang ng ating empatiya ang pagtulong sa mga tao upang makapagkomunika sila sa isa't isa. Panatilihin natin ang mga wika ng ating mga anak upang matutunan nila nang husto ang mga ito.




Ang mga paksa at mga salita sa mga usapan ay bihirang umaangkop sa antas ng kaalaman, wika, at kahustuhan ng isip ng mga bata. Pangalagaan natin ang kanilang kamusmusan at hayaan natin silang sumali sa usapan sa tamang paraan.



Maaaring maging sanhi ng pagkalito ng mga magulang ang maling pagsasaling-wika, at maaaring maging seryoso ang kahihinatnan nito. Dapat tayong maging responsable at maalam sa mga legal na kahihinatnan ng paggamit ng ating mga anak bilang ating tagasalin.



May mga pag-aaral na nagsasabing ang mga batang nagsisilbing tagasalin ay nakakaramdam ng: pagkabigat ng pasanin, stress, depresyon, pagkalito, mababang pagtingin sa sarili. Nakakaranas din sila ng mas maraming salungatan sa pamilya. Alagaan natin ang ating mga anak.

**MAY KARAPATAN KA SA ISANG KWALIPIKADO AT NATURUANG TAGASALIN!**

HUMILING NA MAGKAROON NG TULONG SA WIKA BAGO ANG PAGPUPULONG!

Revolución EDUCATIVA

revedkc.org



Ang orihinal na fact sheet ay binuo ni Christy Moreno, Pinuno ng Pagtataguyod ng Komunidad at Opisyal para sa Mga Epekto, RevED. Ang mga pagsasalin ay handog ng Komite ng Tagapagpayong Pampamilya na may Iba't Ibang Wika.

NAETISL